

## Tungkol sa Gabay na Ito

Ang gabay na ito ay naglalaman ng pangkalahatang-ideya ng mga hakbang para sa paggawa ng Secure Access Washington (SAW) account at pagdaragdag ng Portal ng Kalahok ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH).

## Tungkol sa Secure Access Washington (Secure Access Washington) at Portal ng Kalahok (Participant Portal)

Ang Secure Access Washington (SAW) ay ang platform na nagho-host ng mga online na serbisyo para sa karamihan ng mga ahensya ng estado ng Washington. Nagbibigay ito ng secure na platform para sa bawat ahensya, na nagbibigay-daan sa iyong mag-access ng maraming serbisyo online.

Kung mayroon kang apela sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (OAH), puwede mong tingnan ang mga file ng kaso mo online gamit ang Portal ng Kalahok. Nagbibigay-daan ito sa iyo na i-download at tingnan ang mga kopya ng mga dokumento ng file mo (kabilang ang mga audio recording ng iyong pagdinig), i-update ang mga numero ng telepono o email address at suriin ang iyong mailing address.

Makikita mo ang petsa at oras ng iyong pagdinig – at matitingnan mo ang mga dokumento bago ito maipadala. (Ang lahat ng dokumento ay ipinapadala sa address na nasa rekord.)

### Hindi ka dadalo sa Iyong Pagdinig gamit ang Portal ng Kalahok!

**Tandaan:** Sa Portal ng Kalahok, makikita ang lahat ng docket (mga apela) na naka-link sa iyong ID ng Kalahok.



Para sa tulong, tumawag sa **+1-800-583-8271** mula 7am hanggang 5pm, Lunes hanggang Biyernes, maliban kapag holiday.

## Ano ang kailangan ko bago ako magsimula?

Ang bawat liham mula sa OAH ay maglalaman ng sheet ng address na may nakasaad na mga simpleng tagubilin tungkol sa kung paano i-access ang Portal ng Kalahok. Kabilang sa pahinang ito ang impormasyon na kailangan mo para makumpleto ang prosesong ito:

- Code ng Serbisyo ng SAW (SAW Service Code)
- Numero ng Docket (Docket Number)
- Identifier ng Kalahok (Participant Identifier, PID) (Participant Identifier)

Ngayon, sundin ang mga hakbang na ito para gumawa ng SAW account, pagkatapos ay idagdag at i-access ang Portal ng Kalahok:

1. Gumawa ng account sa <https://secureaccess.wa.gov>
2. I-click ang **Magdagdag ng Bagong Serbisyo (Add A New Service)**
3. Piliin ang **May ibinigay sa akin na code (I have been given a code)**
4. Ilagay ang iyong **Code ng Serbisyo ng SAW (SAW Service Code)**
5. I-click ang **Portal ng Kalahok (Participant Portal)**
6. Multi-factor na pag-authenticate: piliin ang paraan ng paghahatid para matanggap ang code. *Inirerekomendang gumamit ka ng text message.*  
Ilagay ang code at pagkatapos ay kumpirmahin ang access sa Portal ng Kalahok.
7. Idagdag ang Iyong Kaso gamit ang **Numero ng Docket (Docket Number)** at **Identifier ng Kalahok (Participant Identifier)**

## Nangangailangan pa ng tulong?

Mag-click sa isa sa mga sumusunod na link:

- Paano gumawa ng SAW account at i-access ang Portal ng Kalahok (sa English lang) – [Kumpletong Gabay](#).
- Paano gamitin ang Portal ng Kalahok – [Mabilisang Gabay](#) o [Kumpletong Gabay](#) (sa English lang).